# DEKLARASYON TUNGKOL SA MGA TAGAPAGTANGOL NG KARAPATANG PANTAO

*Deklarasyon tungkol sa karapatan at responsiblidad ng mga indibidwal, mga grupo at organo ng lipunan upang itaguyod at ipagtanggol ang mga pandaigdigang kinikilalang mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan.*

09.12.1998

**PETSA NG PAGTITIBAY NG DEKLARASYON**

PINAGTIBAY AT PINAGKASUNDUAN NG **UNITED NATIONS GENERAL ASSEMBLY**

## SINO ANG MGA TAGAPAGTANGGOL NG KARAPATANG PANTAO?

Ang mga ordinaryong kalalakihan at kababaihan na kumikilos para sa paggalang sa mga karapatang pantao, katulad ng karapatan para sa malayang pagpapahayag, karapatan ng mga kababaihan, mga katutubo o ng mga gay, lesbian, transgender at intersex na mga tao. Maaari silang kumilos nang mag-isa o bilang bahagi ng mga organisasyon.

## PAANO MO MAARING SUPORTAHAN ANG MGA TAGAPAGTANGOL NG KARAPATANG PANTAO ?

- Ipalaganap ang impormasyon tungkol sa Deklarasyon tungkol sa tagapagtangol ng karapatang pantao
- Palawakin ang pagkakakilala sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao
- Suportahan ang mga organisasyong tumutulong at pumoprotekta ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao
- Kumilos para sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao na nakakaranas ng panganib
- Maging tagapagtanggol ng karapatang pantao! Ang bawat isa ay may karapatan at responsibilidad na itaguyod at ipagtanggol ang karapatang pantao

## ANO ANG ESTADO NG DEKLARASYON ?

Ang Deklarasyon ay nakabatay, nagsasasama-sama, at sumasalamin ng mga internasyunal na batas na may kaugnayan sa promosyon, proteksyon at pagtatanggol sa mga karapatang pantao

## MGA KARAPATAN AT PROTEKSYONG IBINIBIGAY SA MGA TAGAPAGTANGGOL NG KARAPATANG PANTAO

- ITAGUYOD ANG MGA KARAPATANG PANTAO SA KANI-KANILANG BANSA AT SA BUONG MUNDO
- IPAGTANGGOL ANG MGA KARAPATANG PANTAO NANG MAG-ISA O KASAMA NG IBA
- BUMUO NG MGA ASOSASYON AT MGA NON-GOVERMENTAL ORGANIZATIONS
- MAGPULONG AT MAGTIPON NANG MAPAYAPA
- MAGHANAP, MAGKAMIT, TUMANGGAP AT HUMAWAK NG IMPORMASYON KAUGNAY SA MGA KARAPATANG PANTAO
- BUMUO AT TUMALAKAY NG MGA BAGONG IDEYA AT PRINSIPYO NG KARAPATANG PANTAO, AT ITAGGUYOD ANG PAGTANGGAP DITO
- MAGSUMITE SA MGA AWTORIDAD NG MGA PUNA AT PANUKALA PARA PABUTIHIN ANG KANILANG PAGGAMPAN AT PARA MA-ALERTO SILA SA ANUMANG PAGBABANTA SA PAGSASAKATUPARAN NG MGA KARAPATANG PANTAO
- MAGPAHAYAG NG MGA REKLAMO TUNGKOL SA MGA OPISYAL NA POLISIYA AT MGA GAWAING MAY KINALAMAN SA KARAPATANG PANTAO AT MASURI ANG ANG MGA REKLAMONG ITO
- MAGBIGAY NG PROPESYUNAL AT KWALIPIKADONG TULONG LIGAL O IBA PANG NAAYONG PAYO AT TULONG UKOL SA PAGTATANGGOL NG MGA KARAPATANG PANTAO
- DUMALO SA MGA PUBLIC HEARINGS, AT MGA PAGLILITIS UPANG TASAHIN ANG KANILANG PAGSUNOD SA MGA PAMBANSANG BATAS AT PANDAIGDIGANG OBLIGASYON
- MAKIPAGTALASTASAN NANG WALANG PAGHIHIGPIT SA MGA NON-GOVERNMENTAL AT INTERGOVERNMENTAL NA MGA ORGANISASYON
- MAKINABANG SA EPEKTIBONG REMEDYO
- SA PAGGAMPAN NANG NAAYON SA BATAS NG KANILANG OKUPASYON O PROPESYON BILANG TAGAPAGTANGOL NG KARAPATANG PANTAO
- SA EPEKTIBONG PROTEKSYON SA ILALIM NG PAMBANSANG BATAS KAPAG KUMIKILOS NANG MAPAYAPA LABAN SA MGA PAGLABAG SA KARAPATANG PANTAO
- MANGALAP, MAKATANGGAP AT MAKAGAMIT NG YAMAN AT REKURSO TUNGO SA LAYUNING IPAGTANGGOL ANG MGA KARAPATANG PANTAO

ARTIKULO 1, 5, 6, 7, 8, 9, 11, 12 AT 13

## MGA TUNGKULIN NG MGA ESTADO

- PROTEKTAHAN, ITAGUYOD AT IPATUPAD ANG LAHAT NG KARAPATANG PANTAO
- SIGURUHIN NA ANG LAHAT NG MGA TAO NA NASA ILALIM NG KANYANG HURISDIKSYON AY NAKAKATAMASA NG LAHAT NG MGA KARAPATAN AT MGA PANGUNAHING KALAYAAN
- MAGSAGAWA NG LEHISLATIBO, PANGHUKUMAN, ADMINSTRATIBO AT IBA PANG NARARAPAT NA HAKBANG UPANG SIGURUHIN ANG EPEKTIBONG PAGPAPATUPAD NG MGA KARAPATAN AT KALAYAAN
- MAGBIGAY NG EPEKTIBONG REMEDYO SA MGA NAGSASABING SILA AY BIKTIMA NG MGA PAGLABAG NG KANILANG KARAPATAN
- MAGSAGAWA NG AGARAN AT WALANG KINIKILINGANG IMBESTIGASYON NG MGA PINAGHIHINALAANG PAGLABAG SA KARAPATANG PANTAO
- MAGSAGAWA NG MGA KINAKAILANGANG HAKBANG UPANG SIGURUHIN ANG PROTEKSYON NG LAHAT LABAN SA ANUMANG KARAHASAN, PAGBABANTA, PAGGANTI, NAKASASAMANG DISKRIMINASYON O ANUMANG GAWAIN NA DI AYON SA BATAS TAGAPAGTANGOL NG KARAPATANG PANTAO
- ITAGUYOD ANG PAG-UNAWA NG PUBLIKO SA KANYANG SIBIL, PULITIKAL, PANG-EKONOMIYA, PANLIPUNAN AT PANGKULTURAL NA KARAPATAN
- SIGURUHIN AT SUPORTAHAN ANG PAGLIKHA AT PAGPAPAUNLAD NG MGA NATIONAL HUMAN RIGHTS INSTITUTIONS
- ITAGUYOD AT PADALUYIN ANG PATUTURO NG KARAPATANG PANTAO SA LAHAT NG ANTAS NG PORMAL NA EDUKASYON AT PROPESYUNAL NA MGA PAGSASANAY

ARTIKULO 2, 9, 12, 14 AT 15

## ANG MGA RESPONSIBILIDAD NG BAWAT ISA

- ITAGUYOD ANG MGA KARAPATANG PANTAO, PROTEKTAHAN ANG DEMOKRASYA AT ANG MGA INSTITUSYON NITO, AT HINDI LABAGIN ANG MGA KARAPATANG PANTAO NG IBA
- LAHAT NG TAO NA MAARING MAKA-APEKTO, DULOT NG KANILANG PROPESYON, SA MGA KARAPATANG PANTAO, LALO NA ANG MGA OPISYAL NG PULISYA, ABUGADO, HUKOM, ATBP., AY MERONG RESPONSIBILIDAD NA PROTEKTAHAN ANG MGA KARAPATANG ITO

ARTIKULO 10, 11 AT 18

*Para sa karagdagang impormasyon :* ***www.protecting-defenders.org***

Design by Oh ! Ilaliss